SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-26

**"HUMIHILING SA DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS NA MAGKAROON NG *PEDESTRIAN LANES* PATUNGO AT PALABAS SA MGA ESKWELAHAN, SIMBAHAN AT PALENGKE SA BAYAN NG BUSTOS."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Soliman C. Santos**
*Tagapangulo*
**Lupon sa Pagawaing Bayan, Paggamit ng Lupa at Pabahay**

*May Akda:*

**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**

---

**SAPAGKA'T,** nakasaad sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, nararapat na ang bawat lokal na pamahalaan ay nakatutok sa pagseguro na ligtas ang kanilang mga nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** sa pagbabalik-eskwela ng mga kabataang Bustosenyo, maraming estudyante at guro ang naglalakad patungo sa paaralan at pauwi sa kanilang tahanan;

**SAPAGKA'T,** ang paglalagay ng *pedestrian lanes* patungo at palabas sa mga silid-aralan ay nakakadagdag proteksyon sa bawat estudyante, magulang at guro sa kanilang pagpasok sa eskwela;

**SAPAGKA'T,** ang Pamahalaang Bayan ng Bustos ay patuloy na nagsusumikap at nag-iisip ng mga paraan upang protektahan ang bawat kabataan, magulang, at guro patungo at papauwi mula sa eskwelahan sa pamamagitan nang pag-hiling ng *pedestrian lanes* sa Department of Public Works and Highways;

**SAPAGKA'T,** sa kasalukuyang panahon kung saan unti-unti ng umaahon ang ekonomiya, nararapat na bigyan ng karagdagang proteksyon ang bawat mamamayang Bustosenyo sa pamamagitan ng kahilingan sa Department of Public Works and Highways na magkaroon ng *pedestrian*

*lanes* sa mga kalsada patungo at palabas sa mga eskwelahan, simbahan at palengke sa bayan ng Bustos.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. SOLIMAN C. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na hilingin sa Department of Public Works and Highways na maglagay ng *pedestrian lanes* sa mga kalsada na malapit sa mga eskwelahan, simbahan at palengke sa Bayan ng Bustos.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-6 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-6 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim